U.S. Department of Justice [Kagawaran ng Katarungan] Community Relations Service [Paglilingkod para sa Ugnayan sa Komunidad]

# Paglilingkod sa mga Komunidad habang may Pandemyang COVID-19

Ang U.S. Department of Justice Community Relation Service (CRS) ay naglilingkod bilang "Tagapamayapa ng Amerika:" sa pamamagitan ng pagpapadali ng karunungan, pag-uunawa, at pakikipag-usap sa mga komunidad na humaharap ng pagtatalo, at pagpaunlad ng kakayahan ng mga komunidad na nagsasariling pigilin at lutasin ang mga pagtatalo sa hinaharap.

▼ Ayon sa Federal Bureau of Investigation (FBI), ang pederal na krimen ng kasuklaman ay isang pagkasalang krimen laban sa isang tao o pag-aari, nang buo o bahagi, ng pagkiling ng nagkasala laban sa lahi, pananampalataya, kapansanan, kiling ng kasarian, lipi, kasarian, o pagkilala ng kasarian.

Sa ilalim ng Title X ng Civil Rights Act [Batas ng mga Karapatang Sibil] ng 1964 at ang Matthew Shepard and James Byrd, Jr., Hate Crimes Prevention Act [batas pangpigil ng mga krimen ng kasuklaman] ng 2009, tumutugon ang CRS sa mga pagtatalo sa komunidad na nagmumula sa mga pagkaiiba sa lahi, kulay, at pinanggalingang bansa, at sa pagpigil ng at pagtugon sa mga totoo o inaakalang krimen ng kasuklaman batay sa kasarian, pagkilala ng kasarian, kiling sa kasarian, pananampalataya, o kapansanan. Walang kapangyarihan ang CRS pampagpatupad ng batas o pampag-uusig. Sa halip, nagsasagawa ang CRS sa mga komunidad na tumulong na muling buuin ang mga kaugnayan, pinapadali ang magkaayong pag-uunawa, at hinihimok ang pag-unlad ng mga lokal na kalutasan. Nagsasagawa bilang boluntaryo at walang-bayad ang propesyonal na tauhan ng CRS nang tuwiran sa kasama ang mga pinunong estado at lokal, samahang batay sa komunidad, tagataguyod ng komunidad atkarapatang sibil, samahang batay sa pananampalataya, at nagpapatupad ng batas. Nagsisilbi ang CRS bilang walang-kiling na ikatlong panig, at lihim ang kanilang serbisyo.



### Pag-alalay ng CRS Habang may Pandemyang COVID-19 ▼

Inaalalayan ng CRS ang mga komunidad na nagsasagawa upang pigilin at tumugon sa pangyayaring di-makatwirang pagkiling at krimen ng pagkasuklam na kaugnay sa COVID-19. Sa panahon na ito ng pagpapanatiling ng pagitan mula sa kapwa-tao, maaabot pa rin sa online at sa telepono ang pangkat ng CRS na mga dalubhasa sa pagpakasundo upang maglingkod sa mga komunidad sa lahat ng 50 na estado at teritoryo ng U.S.

### Mga Online na Paglilingkod ng CRS ▼

Kabilang sa mga online na paglingkod ng CRS ang pagsangguni, mga pinadaling usapan at pagpupulong ng komunidad, at mga pagtuturong webinar na maaaring magkaloob ng impormasyon sa mga grupo ng komunidad at ibang may-kapakanan ukol sa pag-uulat ng mga krimen ng kasuklaman at mga mapagkukunan, at maaaring mag-alalay sa pagbuo ng mga panukala na pagkilos na nakatuon sa pagpigil at pagtugon sa mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at krimen ng kasuklaman. Kabilang sa mga karagdagang paglingkod ang pagsasanay, pagkakasundo, at pamamahagi ng mga pinakamahusay na gawi.

Sa karagdagan, nagkakaloob ang CRS ng mga porum na pagtuturo na maaaring isagawa bilang webinar upang payagan ang sabay-sabay na pamamahagi ng impormasyon sa mas maraming may-kapakanan.

- **Pinadadali ng CRS ang Porum sa mga Pangyayaring Di-makatwirang Pagkiling at Krimen ng Kasuklaman** [na magtipon ng mga lokal at pederal na nagpapatupad ng batas at mga samahang batay sa komunidad sa mga pagtalakay upang magbahagi ng mga paraan sa paglaban at pagtugon sa mga pangyayaring di-makatwirang pagkiling at krimen ng kasuklaman. Pinadadali din ng mga porum na ito ang pagpalitan ng impormasyon at palakasin ang mga kaugnayan sa pagitan ng mga may-kapakanan.

- **Nagkakaloob ang Porum na Pagkukop ng mga Bahay-sambahan** ng mga pinakamahusay na gawi upang tulungan ang mga komunidad na pangalagaan ang mga bahay-sambahan laban sa mga maaaring banta. Pinagtitipon ng porum na ito ang mga lokal at pederal na nagpapatupad ng batas at mga samahan na batay sa pananampalataya sa isang pag-uusapan na nagkakaloob ng impormasyon at mga mapagkukunan kaugnay sa mga batas ng krimen ng kasuklaman, mga pagkakataong may aktibong namamaril sa pinagtitipunan ng maraming tao, at katiwasayan ng lugar sa mga bahay-sambahan.

### Makiugnay sa CRS

Upang makiugnay sa CRS, maaring mag-email sa askCRS@usdoj.gov.  Paki-tukuyin sa email ninyo ang estado o teritoryo kung saan kayo nakatira o gusto ng paglingkod. Matatagpuan ang mga dalubhasa sa pagsusunduan ng CRS sa 10ng sangay pampook at apat na sangay panlarangan sa ibayo ng bansa. Matatagpuan ang mga sangay pampook sa Boston, New York City, Philadelphia, Atlanta, Chicago, Dallas, Kansas City, Denver, Los Angeles, at Seattle, na may apat ng sangay panlarangan sa Miami, Detroit, Houston, at San Francisco.

Para sa higit pang information ukol sa CRS, dalawin ang: justice.gov/crs.

### Saan Kami Nagsasagawa

- New England Region [pook]
- Northeastern Region
- Mid-Atlantic Region
- Southeastern Region
- Midwestern Region
- Southwestern Region
- Central Region
- Rocky Mountain Region
- Western Region
- Northwestern Region
- Mga Sangay Panglarangan
- Mga Sangay Pampook
- Mga Punong Tanggapan ng CRS




### Hanapin kami, maki-ugnay sa amin

**www.justice.gov/crs**

facebook.com/DOJCRS/

@DOJ_CRS

askcrs@usdoj.gov

202.305.2935